


## NILALAMAN


**3** Panimula
**4** Mga Floor Plan
**5** Mga Rate ng Renta
**6** Mga Bayarin at Gastusin
**7** Mga Tagubilin sa Pagbu-book
**8** Pelikula at Photography
**9** Mga Direksyon at Paradahan
**10** Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan


## TUNGKOL SA SFWMPAC

Pinagdarausan ng maraming pinakamasisiglang performing arts presenter ng Bay Area, ang San Francisco War Memorial and Performing Arts Center (SFWMPAC) ay isang kilalang institusyon ng kultura na pagmamay-ari at pinapatakbo ng Lungsod at County ng San Francisco.

Mula noong magbukas ito noong 1981, ang Harold L. Zellerbach Rehearsal Hall ay naging tahanan ng San Francisco Ballet, San Francisco Opera, San Francisco Symphony, at iba't ibang kumpanya sa pagtatanghal o pagpapalabas, na nagbibigay ng espasyo para sa paglinang ng ilan sa pinakamasiglang pagtatanghal



sa Bay Area. Itinatampok sa pangunahing rehearsal hall nito ang isang orchestra pit, fly space at may lawak ng entablado na may mga dimensyong katumbas ng entablado ng War Memorial Opera House. Ang dalawa pang mas maliit na hall nito ay mainam para sa mga rehearsal ng minor na pagganap sa entablado, choir at seksyon ng orchestra. Ang Zellerbach Rehearsal Hall ay isang espasyong nakakaangkop at maraming gamit na may kapasidad na pagdausan ng lahat ng bagay mula sa mga rehearsal at audition hanggang sa propesyonal na pelikula at photography.

# mga rate ng renta

May siyam na oras na panahon ng pag-access ang mga rate ng renta at hindi kasama rito ang pagpapatrabaho, kagamitan, o insurance.

## PANGKARANIWANG RENTA

| | |
|---|---|
| HALL A Paggamit ng Kumpanya | $1,045 |
| HALL A Paggamit ng Publiko | $1,315 |
| Karagdagang oras sa Hall A | $100 |
| MGA HALL B o C | $710 |
| Karagdagang oras sa Mga Hall B o C | $75 |
| Mga pagrenta kapag holiday | magdagdag ng $450 |

## RENTA NG NONPROFIT

| | |
|---|---|
| HALL A Paggamit ng Kumpanya | $600 |
| HALL A Paggamit ng Publiko | $850 |
| Karagdagang oras sa Hall A | $75 |
| MGA HALL B o C | $390 |
| Karagdagang oras sa Mga Hall B o C | $50 |
| Mga pagrenta kapag holiday | magdagdag ng $450 |



Rehearsal Hall C

# mga bayarin at gastusin




## RENTA

Ang lahat ng bayarin at gastusin ay idaragdag sa renta. Tingnan ang *Mga Rate ng Renta* para sa higit pang impormasyon.

## PAGPAPATRABAHO

Ang lahat ng aktibidad ng pagrenta ay mangangailangan ng magtatrabaho sa entablado mula sa unyon, seguridad, at mga serbisyo ng kustodiya at engineering. Sa paggawa ng pagtatantya, kailangang alam ang iyong timeline, mga kumpletong teknikal na pangangailangan at mga gustong serbisyo.

## KAGAMITAN

Pwedeng magrenta ng mga upuan, music stand, podium, desk ng conductor, mga riser ng orchestra, piano, at karagdagang kagamitang teknikal. Nakadepende ang mga pagrenta ng kagamitan sa mga pangangailangan ng bawat event. Bubuo ng mga pagtatantya sa panahon ng pag-book.

## INSURANCE

Kinakailangan ng Certificate of Insurance (Sertipiko ng Seguro) na may kasamang Additional Insured Endorsement (Karagdagang Nakasegurong Pag-endorso) para sa lahat ng aktibidad sa pagrerenta. Kasama dapat sa insurance ang saklaw sa Kabayaran sa Mga Manggagawa, saklaw sa Pampublikong Pananagutan na $1 milyon at saklaw sa Pinsala sa Ari-arian na $1 milyon. Mayroon ding insurance na makukuha sa pamamagitan ng SFWMPAC. Makukuha ang mga rate kung hihilingin.

## AUDIO AT VIDEO RECORDING

Dapat paunang magsagawa ng mga pagsasaayos para sa recording at nangangailangan ito ng hiwalay na kasunduan. Ang (mga) recording ay puwedeng mangailangan ng mga karagdagang renta sa kagamitan, magtatrabaho mula sa unyon at mga bayarin sa origination (pagpapasimula).

## PAGKAIN AT INUMIN

Ang lahat ng serbisyo sa catering at craft ay nangangailangan ng hiwalay na kasunduan sa aming eksklusibong provider ng pagkain at inumin, ang Global Gourmet Catering.

# mga tagubilin sa pagbu-book

## 1. UNANG PAGTATANONG

Makipag-ugnayan sa amin upang malaman ang availability ng (mga) petsang gusto mo. Limitado ang mga makukuhang petsa, kaya maghanda ng mga alternatibong petsa at ng malinaw na impormasyon tungkol sa iyong timeline. Kung mukhang bakante ang (mga) petsang gusto mo at tugma sa lugar ang iyong mga aktibidad, puwede kang magtakda ng pansamantalang pagkuha habang kinukumpirma namin ang availability.

## 2. PETSA NG PAGKUMPIRMA

Kapag nakumpirma na ang iyong petsa, magsumite ng kinumpletong aplikasyon kasama ang deposito sa renta (kalahati ng Minimum na Renta).

## 3. KASUNDUAN SA LISENSYA

Maglalabas kami ng Short Term License Agreement (STLA, Panandaliang Kasunduan sa Lisensya). Mga susunod na hakbang:

- Lagdaan at ibalik ang STLA.
- Bayaran ang balanse ng Minimum na Renta.
- Para sa mga aktibidad na nangangailangan ng mga serbisyo ng catering, gumawa ng hiwalay na kasunduan sa Global Gourmet.

## 4. KUMPLETUHIN ANG MGA DETALYE

- Kumpirmahin ang timeline, mga teknikal na elemento, at kinakailangang kagamitan sa aming Stage Electrician.
- Kumpirmahin ang mga gustong serbisyo, kinakailangan sa pagkain at inumin, at anumang karagdagang kinakailangan.

## 5. BAYARAN ANG BOND AT INSURANCE NG PAGTATANGHAL

Hindi bababa sa dalawang linggo bago magsimula ang iyong mga aktibidad, magbigay ng patunay ng insurance at bayaran ang iyong Bond ng Pagtatanghal, na isang depositong ibinabayad upang saklawin ang kabuuang tinatantyang gastos sa pagpapatrabaho at kagamitan. Tingnan ang *Mga Bayarin at Gastusin* para sa higit pang impormasyon.


## 6. SETTLEMENT

Makakatanggap ka ng buong settlement at refund ng hindi nagamit na bahagi ng Bond ng Pagtatanghal. Karaniwang umaabot nang dalawang linggo ang prosesong ito.






# pelikula at photography



Ang mga natatanging lugar at bakuran ng SFWMPAC ay mainam para sa pelikula at photography, at nakapaglingkod na sa mga kliyenteng kumpanya gaya ng Ford, American Express at Eileen West, at naging lokasyon ng eksena para sa malalaking pelikula, kasama ang *The Right Stuff, Milk at Steve Jobs* ni Danny Boyle.

## MGA RATE NG RENTA

Kasama sa mga rate ng renta ang pag-set up at rehearsal sa parehong araw ngunit hindi kasama rito ang pagpapatrabaho, kagamitan, insurance, o mga karagdagang araw ng rehearsal o pag-set up. Maaaring magkaroon ng mga karagdagang singilin sa mga renta tuwing holiday.

| | |
|---|---|
| PAGKUHA NG PELIKULA | |
| Minimum na renta (may apat na oras) | $500 |
| Bawat oras pagkatapos ng apat na oras | $200 |
| STILL PHOTOGRAPHY | |
| Minimum na renta (may apat na oras) | $400 |
| Bawat oras pagkatapos ng apat na oras | $100 |

## AHENTE SA PAG-BOOK

Sharon Walton
*Communications and Events Manager*
Email: sharon.walton@sfgov.org
Telepono: 415.554.6321

# mga direksyon at paradahan

**Harold L. Zellerbach Rehearsal Hall**
**300 Franklin Street** (sa Hayes Street)

## MGA DIREKSYON SA PAGMAMANEHO

MULA SA SOUTH BAY O PENINSULA
1. Dumaan sa 101 North at lumabas sa 9th Street
2. Kumaliwa sa 9th Street
3. Sa Market Street, kumaliwa sa Hayes Street
4. Kumanan sa Franklin Street

MULA SA EAST BAY
1. Dumaan sa I-80 West at tumawid sa Bay Bridge
2. Dumaan sa 9th Street/Civic Center exit at manatili sa kanan
3. Kumaliwa sa Harrison Street
4. Kumanan sa 9th Street
5. Sa Market Street, kumaliwa sa Hayes Street
6. Kumanan sa Franklin Street

MULA SA NORTH BAY
1. Magmaneho papuntang Timog sa Highway 101 at tumawid sa Golden Gate Bridge
2. Sundin ang mga karatula papuntang Downtown sa pamamagitan ng Lombard Street
3. Kumanan sa Van Ness Avenue
4. Kumanan sa Hayes Street
5. Kumanan sa Franklin Street




## PARADAHAN

**P1** PERFORMING ARTS GARAGE
360 Grove Street | 415.252.8238

**P2** CIVIC CENTER PLAZA GARAGE
355 McAllister Street | 415.863.1537

**P** Karagdagang paradahan

## TRANSIT

511.ORG
Telepono: 511 | TDD: 711

BART www.bart.gov
415.989.2278 | TDD: 510.839.2220

MUNI www.sfmta.com
415.701.2311 | TDD: 415.701.2323

AC TRANSIT www.actransit.org
510.891.4700 | TDD: 800.448.9790

CALTRAIN www.caltrain.com
510.817.1717 | TTY: 650.508.6448

GOLDEN GATE TRANSIT
www.goldengatetransit.org
415.455.2000 | TDD: 711

SAMTRANS www.samtrans.com
510.817.1717 | TDD: 605.508.6448

**Harold L. Zellerbach Rehearsal Hall**
**300 Franklin Street, San Francisco**

MGA PAGRENTA

Rob Levin, *Booking Manager*
Email: rob.levin@sfgov.org
Telepono: 415.554.6317

San Francisco War Memorial
& Performing Arts Center
401 Van Ness Avenue, Room 110
San Francisco, CA 94102
Pangunahing Telepono: 415.621.6600
www.sfwmpac.org

PAGKAIN AT INUMIN

Michael Horsley, *Catering Sales Manager*
Email: michael@ggcatering.com
Telepono: 415.252.1933

Global Gourmet Catering
301 Van Ness Avenue
San Francisco, CA 94102
www.ggcatering.com

San Francisco
War Memorial
& Performing
Arts Center

